



Mga Pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit simula Marso 1, 2021

BRAMPTON, ON (Pebrero 18, 2021) – Ang sumusunod na mga iskedyul ng ruta ng Brampton Transit ay i-a-adjust para mas mapaganda ang serbisyo simula Marso 1, 2021, hanggang sa karagdagang abiso para matiyak na mahusay na maihahatid ng transit system ang mga tao sa lungsod:

- **2 Main** – Mga iskedyul sa weekday, Sabado at Linggo
- **6 James Potter** – Mga iskedyul sa weekday at Sabado
- **11 Steeles** – Mga iskedyul sa weekday
- **12 Grenoble** – Mga iskedyul sa weekday
- **15/15A Bramalea** – Mga iskedyul sa weekday
- **16 Southgate** – Mga iskedyul sa weekday
- **24 Vankirk** – Mga iskedyul sa weekday
- **25 Edenbrook** – Mga iskedyul sa weekday
- **29/29A Williams** – Mga iskedyul sa weekday, Sabado at Linggo

Pakitingnan ang mga iskedyul ng ruta bago magbiyahe. Ang mga oras sa gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Nananatiling sarado ang Trinity Common Terminal. Para sa mga oras ng Customer Service sa mga terminal, bisitahin ang www.bramptontransit.com. Kailangang gagawin nating lahat ang ating parte para mapanatiling ligtas ang komunidad. Pakitandaan:

- Ang mga pantakip ng mukha o mga hindi medikal na mask ay mandatoryo sa mga terminal at habang sumasakay sa mga bus – ang mga eksemsyon kabilang ang mga medikal na kondisyon ay mailalapat. Ang mga pantakip ng mukha ay dapat tumatakip sa inyong ilong, bibig at panga sa lahat ng oras.
- Panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask.
- Magdala ng inyong sariling disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang inyong mga kamay.
- Kung may sakit kayo, pakiiwasan ang sumakay sa transit. Tiyakin na magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw

May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatoryo ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask sa mga bus at mga terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib

Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

MGA KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca